



SULFUR MUSTARD

Hawaii State Department of Health

www.hawaii.gov/doh

Para sa karagdagang impormasyon o pagsangguni
tumawag sa 2-1-1

Ano ang sulfur mustard (Mustard gas)?

Ang sulfur mustard ay isang uri ng nakalalasang kemikal na gawa ng tao. Ang mga kemikal na ito ay nagdudulot ng pamamaltos at seryosong pagkasira sa balat, mata, lalamunan, at baga.

Ito ay kilala sa pangalang “mustard gas.” Unang ginamit ang pangalan “mustard gas” noong unang pandaigdigang digmaan (WWI) na kung ito ay isinaboy. Ang sulfur gas ay walang kinalaman sa gulay na mustasa ngunit nakuha nila ang pangalang ito mula sa kulay dilaw at kasing-amoy ng mustasa kung inihahalo sa ibang kemikal. Ang sulfur mustard ay kadalsang walang kulay at walang amoy na likido kung ito ay nakalagay sa normal na temperature ng isang silid. Ito ay maaaring maganyong kulay-kape at mangamoy na tulad ng bawang o sibuyas.

Ano ang mga palatandaan ng pagkalantad sa sulfur mustard?

Ang pagkalantad sa sulfur mustard ay karaniwang hindi mapanganib. Depende sa tindi ng pagkakalantad, ang mga palatandan nito ay hindi makikita mula 2 hanggang 24 na oras.

Ang mahinang katamtamang pagkalantad sa sulfur mustard ay may palatandaan kagaya ng mga sumusunod:

- Pamumula at pangangati ng balat na may kasamang paninilaw na pamamaltos sa balat.
- Pangangati, pamamaga, panunubig ng mga mata, masakit at panandaliang pagkabalag.
- Walang tigil na sipon, pagbahing, pamamaos, pagdurugo ng ilong, pagsakit ng sinus, kahirapan sa paghinga, at pag-ubo.
- Pagsakit ng tiyan, pagtatae, lagnat, pagkahilo, at pagsusuka.

Ang labis na dosis ng sulfur mustard ay maaaring magdulot ng pagkasunog ng balat, talamak na sakit sa paghinga, paulit-ulit na impeksyon sa paghinga, permanenteng pagkabalag o kamatayan. Mas maraming pagkakataong manganib sa sakit sa baga o kanser ang isang taong nalantad sa sulfur mustard.

Papaano nalalantad ang tao sa sulfur mustard?

Tagalog

- Kapag ito ay ikinalat sa hangin bilang singaw—maaaring malantad ang mga tao sa pamamagitan ng pagdampi sa kanilang mga balat, mata, o paglanghap. Ang singaw ng sulfur mustard ay naidadala nang malayo ng hangin.
- Kung ito'y ikakalat sa tubig—maaaring malantad ang mga tao sa pamamagitan ng paginom sa mga kontaminadong tubig o di kaya'y pagdikit sa balat nito.
- Sa pamamagitan ng pagdampi sa mga likidong sulfur mustard sa mga kontaminadong kasangkapan o damit.

Ang sulfur mustard ay tumatagal ng 1 hanggang 2 araw sa paligid kapag tama lamang ang kondisyon ng panahon at maaaring tumagal din ng maraming linggo o buwan kapag malamig ang kondisyon.

Papaano nagagamot ang pagkalantad sa sulfur mustard?

Walang gamot na pangontra sa sulfur mustard. Subalit, ang pagkalantad sa mga ito ay bibihira lamang. Ang paggamot ay nakabase sa pagkalala ng mga palatandaan. Ang pagkasunog sa balat ay kadalasang ginagamot kagaya ng mga malalang sunog. Ang mata ay kailangang mahugasan kaagad. Ang pagpatak ng antibayotikong gamot sa mata ay maaaring makaiwas sa ikalawang uri ng impeksyon. Ang paglanghap ng sulfur mustard ay nagagamot sa pamamagitan ng mga gamot na katulad nang sa asthma kapag hindi makahinga ang indibidwal. Kapag ang baga ay sadyang malala ang pagkasira, ang nalantad na biktima ay kailangan ilagay sa respirator.

Papaano malalaman kung ikaw ay nalantad sa sulfur mustard?

Walang mabilisang pangiksamen upang malaman ang pagkalantad sa sulfur mustard. Kung ikaw ay nasa lugar na kung saan ikinalat ang sulfur mustard at amoy bawang, sibuyas, o mustasa ang hangin at kaagad nangangati ang iyong mga balat o mata, ikaw ay maaaring nalantad. Humanap kaagad ng saklong medikal.

Ano ang dapat gawin kapag ikaw ay nalantad sa sulfur mustard?

Kaagad magtungo sa mataas na ugar. Ang sulfur mustard ay mas mabigat kaysa sa hangin at kadalasang dumadampi sa mabababang lugar. Kaagad alisin ang damit na may likidong sulfur mustard. Kung possible, ibalot nang dalawang beses ang mga damit ng plastic bag. Kaagad hugasan nang mabuti ang bahagi ng katawan na nalantaran (mata, balat, etc.) sa pamamagitan ng malinis na tubig. Ang mga mata ay kinakailangan linisin mula 5 hanggang 10 minuto ng malinis na tubig. HUWAG takpan ang mga mata ng bendahe, bagkos gumamit ng madilim na salamin o goggles upang protektahan ang mga ito. Kapag ang sulfur mustard ay nainom, HUWAG itong pasukahin. Bigyan ng gatas upang inumin. Kaagad humanap ng saklong medikal.

Saan matatagpuan ang sulfur mustard at paano ito ginagamit?

- Ang sulfur mustard ay hindi karaniwang nakikita sa kapaligiran.
- Ito ay unang ginamit noong World War I bilang isang sandatang kemikal.
- Hanggang sa kasalukuyan, ito ay ginagamit bilang gamot sa isang kondisyon sa balat na tinatawag na psoriasis. Sa ngayon, walang itong gamit sa mediko.

Tagalog

Mayroong isang dosenang bansa ang may sulfur mustard sa kanilang sandatahan. Ipinagutos ng Chemical Weapons Convention na sirain ng Estados Unidos ang kanilang nakatagong mga suplay ng sulfur mustard hanggang sa Abril ng 2007.

Maari bang maapektuhan ng sulfur mustard ang mga alagang hayop?

Oo. Ang sulfur mustard ay mapanganib sa mga alaga at ibang mga hayop. Kung inaakala mong ang iyong mga alaga ay nalantad sa sulfur mustard, huwag mag-atubiling tumawag sa kinauukulang betenaryo.

Ano ang mga palatandaan ng SULFUR MUSTARD

Ang pagkalantad sa sulfur mustard ay karaniwang hindi mapanganib. Depende sa tindi ng pakalantad, ang mga palatandaan nito ay hindi makikita mula 2 hanggang 24 na oras.

Ang mahinang at katamtamang pagkalantad sa sulfur mustard ay may palatandaan kagaya ng mga sumusunod:

Pamumula at pangangati ng balat na may kasamang paninilaw na pamamaltos sa balat.

Pangangati, pamamaga, panunubig ng mga mata, masakit at panandaliang pagkabalag.

Walang tigil na sipon, pagbahing, pamamaos, pagdurugo ng ilong, pagsakit ng sinus, kahirapan sa paghinga, at pag-ubo.

Pagsakit ng tiyan, pagtatae, lagnat, pagkahilo, at pagsusuka.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Aloha United Way 2-1-1
www.hawaii.gov/doh
o www.cdc.gov

Ang Kagawaran ng Kalusugan ay naglalayong mabigyan ng pagkakataong ang lahat na walang pagkiling sa lahi, kulay, o bansang pinanggalingan (kabiliang dito ang wika), gulang, seks, relihiyon, o kapansan sa kanilang mga programa at aktibidades.

Sumulat o tumawag sa Affirmative Action Officer sa P.O. Box 3378, Honolulu, HI 96801-3378 o magiwan ng mensahe sa (808) 586-4616 sa loob ng 180 araw ng suliranin.